

Checklist ng Magulang para sa Kaligtasan mula sa Baril

SA IYONG BAHAY

- Bago ka bumili ng baril, isipin ang mga hindi gaanong mapanganib na mga paraan upang panatilihin ang iyong pamilya at ari-arian, gaya ng mga alarm para sa magnanakaw, lock ng bintana, aso, atbp.
- Huwag bumili ng baril maliban kung alam mo kung paano ito gamitin nang ligtas.
- Dapat itago ang mga baril nang walang lamang bala at sa isang naka-lock na lugar.
- Naka-lock dapat ang mga baril sa lugar na hindi maaabot ng mga bata. Kadalasan nahihirapan ang mga bata sa pagsasabi ng pagkakaiba sa pagitan ng laruang baril at ng totoong baril.
- Naka-lock dapat ang mga bala sa lugar na hiwalay sa kung saan nakatago ang mga baril.
- Makakatulong bilang karagdagan sa kaligtasan ang mga lock ng gatilyo para sa mga baril na walang lamang bala. Nakalapat dapat ang mga ito sa baril na walang lamang bala.
- Maaaring alisin ang ilang mga lock sa loob lang ng 6 na segundo.
- Kung nagtatago ka ng baril na hindi naka-lock sa ilalim ng iyong unan sa gabi, i-lock ito sa umaga bago ka pumasok sa trabaho.

TURUAN ANG IYONG MGA ANAK

- Ipaliwanag sa mga anak a mapanganib ang mga baril at hindi kailanman sila dapat humawak ng mga baril nang wala ang iyong pahintulot.
- Sabihin sa iyong mga anak ang tungkol sa pagkakaiba sa pagitan ng karahasang nakikita nila sa telebisyon o sa mga pelikula at angkarahasan sa totoong buhay, kung saan totoong nasasaktan ang mga nasa tamang gulang at mga bata.
- Sabihin sa iyong mga anak na kung makakakita sila ng baril kahit saan, hindi nila ito dapat hawakan at dapat silang umalis sa lugar at sabihin sa nasa tamang gulang. Kung nasa paaralan sila at may kilalang ibang bata na may dalang baril, dapat nila itong sabihin sa nasa tamang gulang.